## Ang mga kaso ukol sa Probate ay gumagamit ng mga tanging salita

Narito ang ilan:

**Beneficiary (Benepisyaryo):** isang taong nagmamana kapag may Testamento.

**Custodian of the Will (Tagapag-ingat ng Testamento):** ang taong may hawak ng Testamento nang mamatay ang tao.

**Decedent (Yumao):** ang taong namatay.

**Decedent's Estate (Ari-arin ng Namatay):** Lahat ng tunay o sariling ari-arian ng tao nang siya ay mamatay.

**Executor (Tagapagpatupad):** ang taong tinukoy sa Testamento at hinirang ng hukuman upang tuparin ang kagustuhan ng taong namatay.

**Heir (Tagapagmana):** ang taong nagmamana kapag kapag walang Testamento.

**Intestate succession (Utos na Pagmamana):** ang utos kung sino ang magmamana ng ari-arian kapag walang iniwang Testameno ang taong namatay.

**Intestate (Di-nakahayag na Pagmamana):** kapag namatay ang isang tao nang hindi nag-iwan ng Testamento.

**Personal Property (Sariling Ari-arian):** mga bagay na tulad ng pera, sapi, alahas, damit, muwebles, o kotse.

**Real Property (Tunay na Ari-arian):** mga gusali at lupa.

**Testate (Nakahayag na Pagmamana):** kapag may namatay na nag-iwan ng Testamento.

**Will (Testamento):** ang papel na pambatas na naglilista ng kagustuhan ng isang tao tungkol sa kung ano ang gagawin sa kanyang ari-arian kapag siya ay namatay.

## Saan ako pupunta para sa aking kasong Probate?

Sa San Francisco, ang mga kasong Probate ay nasa:

Civic Center Courthouse
400 McAllister Street
*(kanto ng Polk at McAllister)*

- Upang magharap ng mga pormang panghukuman, pumunta sa:
  Silid 103
- Para sa impormasyon tungkol sa Probate, pumunta sa:
  Silid 103 at Silid 202
- Upang tingnan ang mga dokumentong naiharap, tingnan ang kaso online sa: www.sftc.org
- Para sa mga librong pagtulong sa sarili at nakasulat na impormasyon, pumunta sa: ACCESS Center, Silid 208
- Upang may makausap na abugado o kunin ang serbisyo ng abugado, tawagan ang San Francisco Bar Assn., Lawyer Referral Service:
  **415-989-1616**

Probate 5/1/03 Tagalog

# Ano ang nangyayari sa ari-arian ng isang tao kapag siya ay namatay?



ACCESS

**San Francisco Superior Court**
400 McAllister Street
Room 208
San Francisco, CA
94102-4514

**415.551.5880**
www.sfgov.org/courts

Ang pagharap sa mga hukuman at pag-aayos ng ari-arian ng isang taong namatay ay napakakumplikado.

Hinihimok ka namin na kumuha ng abugado. Mababayaran mo ang mga bayad sa abugado mula sa ari-arian sa kaso.

Upang makahanap ng abugado, tawagan ang San Francisco Bar Association, Lawyer Referral Service (Serbisyong Pagre Komenda ng Abugado):
**415-989-1616**

## Ano ang "Probate"?

Ang probate ay tungkol sa:

- Paglipat ng ari-arian ng isang taong namatay sa mga tagapagmana o benepisyaryo.
- Pagpapasiya kung ang isang Testameno ay may-bisa.
- Pangangalaga ng mga responsibilidad ukol sa pananalapi ng taong namatay.

## Paano kung ang tao ay nag-iwan ng wala pang $100,000?

Kung ang halaga ng ari-arian ng taong namatay ay wala pang $100,000, at ikaw ay may karapatan ayon sa batas na magmana mula sa taong namatay, hindi mo kailangang pumunta sa hukuman upang makuha ang ari-arian.

Upang ilipat ang sariling ari-arian, dapat kang sumulat ng *Affidavit (Apidabit).* Ito ay isang natatanging pormang makukuha mo sa karamihan ng mga bangko, abugado o mula sa ACCESS Center, Silid 208.

Upang ilipat ang tunay na ari-arian (tulad ng bahay), magagamit mo ang isang pormang tinatawag na *Petition to Determine Succession to Real Property (Petisyon upang Ipasiya ang Pagmamana ng Tunay na Ari-arian)*.

## Paano kung ang tao ay nag-iwan ng higit sa $100,000?

Kung ang ari-arian ng taong namatay ay nagkakahalaga ng higit sa $100,000, dapat kang pumunta sa hukuman at simulan ang isang kasong probate.

Upang magawa ito, dapat kang magharap ng isa sa mga sumusunod na porma:

- *Petition for Letters Testamentary (Petisyon para sa mga Letrang Nagbibigay ng Testamento)*
- *Petition for Letters of Administration with Will Annexed (Petisyon para sa mga Letra ng Pangangasiwa na may Kasamang Testamento)*
- *Petition for Letters of Administration (Petisyon Para sa mga Letra ng Pangangasiwa)*

## Paano kung ako ay asawa ng taong namatay?

Magagamit mo ang isang payak na porma, tinatawag na *Spousal Property Petition (Petisyon Ukol sa Ari-arian ng Asawa)*, upang kumuha ng utos ng hukuman na nagsasabi:

- Ang kabahagi mo sa ari-ariang pangmarami.
- Anong bahagi ng kabahagi ng iyong asawa sa ari-ariang pangmarami at nakahiwalay ang dapat mapasaiyo.

## Ano ang ginagawa ng "Tagapag-ingat ng Testamento?"

Ang taong may hawak ng testamento sa oras na namatay ang tao ay siyang tagapag-ingat ng testamento. Ang tagapag-inggat ay may 30 araw upang dalhin ang orihinal na Testamento sa Opisina ng Klerk ng Probate:

Civic Center Courthouse
400 McAllister Street, Room 103
*(kanto ng Polk at McAllister)*

Ang tagapag-ingat ay dapat ring magpadala ng kopya ng Testamento sa Tagapagpatupad.

Kapag hindi ginawa ng tagapag-ingat ang mga bagay na ito, siya ay maaaring ihabla para sa mga naging pinsala.

## Ano ang mangyayari kung walang Testamento?

Kung walang Testamento at kailangan ang kaso sa hukuman, ang hukuman ay maghihirang ng Tagapangasiwa upang pamahalaan ang ari-arian sa panahon ng Probate.

Ang taong gustong maging tagapangasiwa ay dapat magharap ng *Petition for Letters of Administration*. Ang Tagapangasiwa ay karaniwang ang asawa, kinakasama o malapit na kamag-anak ng taong namatay.

## Anong ang mangyayari pagkatapos iharap ang kasong probate?

1. Ang klerk ng Probate ay nagtatakda ng petsa ng pagdinig.
2. Ang nagpepetisyon ay dapat magbigay ng paunawa ng pagdinig sa sinumang maaaring may karapatang makakuha ng bahagi ng ari-arian. Ang nagpepetisyon ay hindi maaaring magpakoreo ng paunawa. Ito ay dapat ipakoreo ng sinumang ibang may sapat na gulang.
3. Ang *Court Probate Examiner* (Tagasuri ng Probate ng Hukuman) ay nagsusuri ng kaso bago ang pagdinig upang tingnan kung ito ay ginawa nang wasto.